

ANG BRIDGE PROCLAMATION NI GOBERNADOR INSLEE

(May bisa simula Hulyo 1 - Setyembre 30, 2021)

AY HINDI ISANG PAGPALAWAK NG MORATORYUM NG PAGPAPATALSİK NG ESTADO. ANG MORATORYUM NG PAGPAPATALSİK NG ESTADO AY NAWALAN NG BISA NOONG IKA-30 NG SITYEMBRE. (MAY MGA HURISDIKSYON NA HINDI NAGPALAWIG NG KANILANG MORATORYUM NG PAGPAPATALSİK NG ESTADO).

Ang mga tenant na nakatira sa mga hotel/motel/AirBnB/long-term care na mga pasilidad at iba pang mga hindi tradisyonal na pabahay ay **HINDI PROTEKTADO SA ILALIM NG BRIDGE PROCLAMATION.** Maaari silang tanggalin simula ika-1 ng Hulyo, 2021.

ANONG MGA PAGPAPATALSİK ANG PINAPAYAGAN?

Lahat ng pagpapatalsik ay karaniwang pinapayagan sa ilalim ng batas (HB 1236), maliban sa hindi pagbabayad ng renta, **NA MAAARING MAGSIMULA SA IKA-1 NG HULYO.**

Nangangahulugan ito na maaaring simulan ng landlord ang proseso ng pagpapatalsik para sa paglabag sa pagpapaupa sa ika-1 ng Hulyo

PAANO NAMAN ANG TUNGKOL SA SINGIL SA ATRASADONG PAGBABAYAD AT TUMAAS NA RENTA?

*** HINDI ITO MAAARING ILAPAT SA IYONG ESPEPIKONG TENANCY. PAKITAWAGAN KAMI KUNG MAY MGA KATANUNGAN KA.**

Ang atrasadong pagbabayad ay ipinagbabawal hanggang Disyembre 31, 2021.

Ang pagtaas ng renta ay pinapayagan simula Hulyo 1, subalit nangangailangan ng *60 araw na nakasulat na abiso bago ito magkaroon ng bisa.

RENTANG INUTANG MULA PEB 29, 2020 - HULYO 31, 2021:

KAILANGANG ALUKIN KA NG LANDLORD MO NG REPAYMENT PLAN!

Maaaring simulan ng landlord ang proseso ng pagpapatalsik LAMANG KUNG:

- Ang programa ng tulong sa renta ay tumatakbo sa inyong county, at;
- Ang mga programa ng tagapamagitan ay bukas sa inyong county, at;
- Nagbibigay sila ng nakasulat na abiso para sa tenant (hard copy o electronic) na ang mga programa ay bukas at iniimbitahan kang lumahok, at;
- Maaari mong tanggihan o hindi tugunin sa loob ng 14 araw

ANO ANG ITINUTURING NA OPERATIONAL O BUKAS?

Ang Operational o bukas ay nangangahulugan na ang programa ng tulong sa renta ay napagtibay na ng Department of Commerce at ang programa ng tagapamagitan sa AOC (Admin Office of the Courts), OCLA (Office of Civil Legal Aid) at OFM (Office of Financial Management). Ang dalawang ito ay kailangang ipaskil sa inyong lokal na county o website ng korte.

KUNG GAYON AY INALOK KA NG REPAYMENT PLAN, ANO NGAYON?

Hindi mo kailangang tanggapin ito, pero kailangan mong tumugon sa **LOOB NG 14 ARAW.**

HUWAG ITONG BALEWALAIN. HUWAG UMALIS. HINDI KA PATATALSİKIN NG LANDLORD MO NANG WALANG KAUTUSAN NG KORTE.

KAPAG INALOK KA NG LANDLORD MO NG REPAYMENT PLAN O BINIGYAN NG ABISO SA PAGPAPATALSİK:

1-855-657-8387

(SA LABAS NG KING COUNTY)

(206) 267-7069

(KING COUNTY)